

PROLOGUE



“Pare, sigurado ba kayong tama itong napuwestuhan natin? Matagal na tayong naghihintay dito, ilang oras na.”

“Shh... narinig mo ’yung sinabi ng matanda sa bayan, di ba? Na dito sa hilera ng mga puno ng balete ay madalas magpakita ang *santelmo*.”

Nasa isang liblib na parte sila ng gubat sa *Mount Makatilingala*, isang kinatatakutang bundok sa Siquijor. Maraming kababalaghan ang iniuugnay sa bundok na iyon. Ang pinakasikat ay tungkol sa isang bolang apoy na lumalabas sa tuwing full moon sa buwan ng Abril. Ayon pa sa mga kuwento, kung saan daw titigil at mawawala ang *santelmo*, isang malaking baul ng kayamanan ang nakabaon sa lugar na iyon.

So the five young men who called themselves the *Treasure Seekers* waited patiently. Kahit pa isang babala

ang ibinigay sa kanila ng matandang napagtanungan nila sa bayan, balewala sa kanila iyon. Kung may mga kaluluwang gala nga na naghihintay sa kanila, walang laban ang mga iyon sa dala nilang mga baril na ang mga bala ay binasbasan ng sagradong tubig na mula pa sa *Mount Banaban*.

The minutes dragged by at nagsimula nang antukin ang grupo. Hindi biro ang mag-hike ng halos kalahating araw sa loob ng masukal na gubat. Nakabibingi rin ang katahimikan sa paligid, katahimikang di nakakakalma kundi nakakatakot.

The wind howled constantly as if whispering dark sinister secrets to those who hear. Ang panaka-nakang hoot ng kuwago ay lalong nakadagdag sa eerie feel ng lugar. It was pitch dark, maliban sa maliliit na sinag ng buwan na lumulusot sa siwang ng makapal na foliage. Ang nakahilerang mga puno ng balete ay nagmistulang sentry na naghihintay.

May kasamang huni ang ihip ng hangin. Thick fog began to blanket the earth. Ilang sandali pa'y napapalibutan na sila ng makapal at malamig na hamog.

“Nakakatakot naman dito. Bumalik na lang kaya tayo sa ibaba?”

Tumawa ang isa sa mga lalaki.

“Huwag mong sabihing naniniwala ka sa mga kuwento? Mga urban legends lang 'yun.”

“But what if they're real? Hindi n'yo ba nararamdaman? May kakaiba sa lugar na ito.”

“Shut up, Shane! Nasobrahan ka lang ng inom ng kape at dahil sa kapapanood mo kasi ng mga horror movies,” buska ng isa pa.

From out of nowhere, lumitaw ang isang liwanag sa pagitan ng dalawang puno.

“Guys, look!”

Isang bolang apoy na kasinglaki ng baseball ang lumulutang sa hangin, tinutumbok ang daan na palayo sa kanilang kinalalagyan.

“Tayo na. Sundan natin.”

Alertong sumunod ang lima. Gamit ang mga portable fog lights, nagawa nilang akyatin ang dalisdis na tinumbok ng *santelmo* hanggang sa makarating sila sa isang patag na bahagi.

“What the hell?” Billy muttered. Lahat sila ay natigilan.

Ngayong pumino na ang hamog, naging malinaw sa kanila kung saan galing ang bolang apoy.

Isa iyong sulo, na tangan ng isang ghostly entity leading a strange procession of ghostly figures. Halatang mga multo ang mga ito dahil tagus-tagusan ang mga ito sa mga puno.

Someone snapped a camera. Narinig ng may dala ng sulo ang tunog. Sandali itong tumigil at lumingon. Matakikang nakapagtago ang lima. Nang muling maglakad ang mga ito ay saka lang lumabas sa pinagkublihan ang grupo.

“Did you see that?”

“Tumigil ka na nga! Muntik na tayo!”

“Tama na kayong dalawa. Halina kayo. Sumunod na tayo.”

They reached the end of the forest. Tinawid ng ghostly procession ang isang clearing papasok sa isang... antigong bahay?

Nagkatinginan ang lima.

“May mansyon dito?”

Ngumisi ang isa. “This is starting to be more interesting.”

“Teka sandali. Greg, sigurado ka ba? I don’t like the feel of this. May hindi tama. Baka mas makabubuting bumalik na lang tayo.”

“Ngayon pang malapit na tayo? You’re such a sissy, Shane!”

“Oo nga. Kung gusto mong bumalik, bumalik kang mag-isa. I’m going with Greg.”

Umayon din ang dalawa pa. Wala nang nagawa si Shane kundi ang sumunod na rin sa mga kasama.

They entered the mansion. The interior was strangely well lit. Malinis at maayos din ang loob, kompleto sa antigong mga gamit. May chandelier pa ngang nakabitin sa mataas na kisame.

“Ang mabuti pa’y maghiwa-hiwalay tayo. Sumigaw kayo pag nakita n’yo na ang kayamanan.”

“Paano kung mahuli tayo ng may-ari?”

“Use your head, Billy. Sa ingay natin, kung may nakatira dito, baka kanina pa tayo kinompronta. This place is deserted.”

“Pero...”

“P’wede bang mamaya na kayo magtanong? Sayang ang oras. Dito tayo dinala ng *santelmo*. Ibig lang sabihin, nasa loob ng bahay na ito ang kayamanan.”

Naghiwa-hiwalay ang lima. Sina Shane at Billy ay nagpunta sa kusina. Si Lander ang naghalughog sa mga silid sa ibaba. Naghati naman sina Greg at Bryan sa second floor.

Sira-ulo yata ang may-ari ng bahay na ito. Iwan bang nakabukas ang pinto ng mga kuwarto?

Nakangising pinihit ni Greg ang seradura. Hula niya ay master's bedroom ang napasukan niya dahil doble ang laki niyon sa ibang silid.

Sa gilid ng kama ay may isang ceiling to floor bookshelf. Maayos ang pagkakasalansan ng mga libro maliban sa gitnang shelf. Nang suriin niya iyon ay nakakita siya ng isang panel. Pinindot niya ang nag-iisang buton sa panel. Nag-vibrate ang buong shelf. Mayamaya pa'y umusod na iyon palooob at saka nag-slide sa kanan, disclosing a secret passageway.

Pinagkiskis ni Greg ang dalawang palad. Things were getting more and more interesting, he said to himself.

Ini-on niya ang fog light at matapang na tinalunton ang tagong pasilyo, na kalauna'y natuklasan niyang entrance pala ng isang maliit na kuweba.

“Bingo!”

Parang batang noon lang nakapasok sa isang toy store na inisa-isa ni Greg ang mga kayamanang nasa loob.

There were gold bars, gold coins, pearls, rubies at marami pang precious stones. May mga alahas ding puno ng diamante at mga gintong kopita at iba pang maliliit na palamuting yari rin sa ginto.

“Mayaman na ako!” Greg laughed greedily. Parang wala na siya sa katinuan na nagsilid ng mga alahas at gintong coins sa bulsa ng vest nito. Bigla siyang natigilan nang maalalang may apat pa itong kasama. “Hindi nila dapat makita ang mga ito.”

Nagkumahog siyang lumabas. Nasa isip na kung paanong ididispatsa ang mga kasama.

Nakita niya si Bryan na papasok na sa lagusan.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya sa kasama.

“Hindi ba dapat ako ang nagtatanong niyan? Ano ba’ng nasa loob?” Akma itong papasok, pero bigla niyang hinarang.

“W-wala. Isang lumang burial ground lang.”

“Burial ground? Wow, I need to see that!”

“Hindi p’wede,” aniya, sabay tulak sa kasama. Sumadsad ito sa dingding.

“Hey, ano ba’ng nangyayari sa iyo? Nakakapikon ka na!”

“Hindi ka nga p’wedeng pumasok sa loob. Sa akin lang ang kayamanan!” Hinugot ni Greg mula sa holster ang baril niya at walang salitang pinaputukan ang kaibigan. Pero bago pa tumama sa katawan nito ang bala, animo ipu-ipo sa bilis na pumagitna ang isang babae, dressed in an all-black outfit and a black trench coat. Nagawang salagin ng blade ng hawak nitong staff ang bala.

“S-sino ka?” nagtatakang tanong ni Greg.

“Solvo!” Nag-flash ang batong nakabaon sa gitna ng hawak nitong staff.

Napakurap siya. Nagulat pa siya nang makitang hawak niya ang baril. Nataranta siya nang makitang nakahiga sa sahig ang kaibigan.

“Bryan!”

“You tried to shoot me, you moron!”

“Sorry. Hindi ko alam ang ginagawa ko kanina.

Nagdilim bigla ang isip ko.”

Pareho silang napatingin sa misteryosong babae.

“Kung mahal n’yo pa ang buhay n’yo, umalis na kayo dito ngayon din!” she hissed. Hindi na nito kailangan pang magdalawang-salita.

They ran. Sinalubong nila ang tatlo pa nilang kasama. Umugong ang isang matinis na sigaw mula sa ilalim ng bahay. Parang kidlat na nilagpasan sila ng nakaitim na babae. Literal na tinatalon nito ang bawat kasangkapan.

Nagkatinginan silang lima.

“That’s it! I’m out of this house!”

Magkakasunod nilang tinakbo ang labas ng bahay. They didn’t even bother to look back.

Sa loob, bumaba si Lucy sa basement kung saan nanggaling ang sigaw. Pagbungad pa lamang niya sa entrance ng underground cave ay sinalubong na siya ng malakas na sound wave na mula sa banshee. Kung wala siyang suot na earplug, kanina pa durog ang eardrums niya.

Tumalon ito mula sa kinatatayuan. Swiftly, she swung the *baculus* and sliced through the banshee’s torso. Magkahiwalay na bumagsak sa lupa ang katawan nito. Nagliyah iyon at naging abo sa loob lang ng ilang segundo. Ngunit hindi ang nilalang ang mismong pakay niya kundi ang talisman na nakapaloob sa isang crystalline rock.

Isa iyong makapangyarihang talisman na nilikha ng isang *pindeta* noong fifteenth century. May kapangyarihan itong impluwensyahan ang isip ng isang tao upang pumatay ng kapwa. Pagkatapos ay hinihigop

niyon ang kaluluwa ng mga namatay na biktima.

Hinawakan ng babae ang staff at itinutok ang rear end sa pinaka-pendant. Lumikha ng isang nakasisilaw na liwanag ang pagkabasag ng bato nang idiin niya ang staff. Pumunit sa katahimikan ng gabi ang howling sounds mula sa nakalayang mga kaluluwa. When the last soul was freed, isang itim na shard na lang ang natira sa talisman.

Dinampot iyon ni Lucy at isinilid sa locket ng suot na kuwintas. Hinugot niya ang isang chocolate bar sa inner pocket ng trench coat at parang batang nagsimulang ngumata.

CHAPTER 1



Lpinasok ni Lucy ang itim na *Ford Mustang* sa semi-circular driveway ng Custodio mansion. Bitbit ang travelling bag, inakyat niya ang ilang hakbang na concrete steps patungo sa malawak na courtyard. Palapit pa lang siya sa fountain na may rebulto ni Zeus ay bumukas na ang double doors ng mansyon.

“Hello, Mommy,” bati niya sa sumalubong na matanda. Kahit lagpas cincuenta na ang edad, maganda pa rin ang katawan nito at halatang malakas.

“How was your trip?”

Magkasabay nilang tinungo ang library.

“Successful as always. Malaya na ang *Mount Makatilingala* sa mga gumagalang kaluluwa.”

“Good!” the older woman replied with a satisfied smile. “At ang *frustum?*”

Inilabas niya mula sa ilalim ng t-shirt ang locket pendant. Kinuha niya sa loob ang itim na shard at iniabot sa kanyang ina. Metikuloso nitong sinuri iyon.

“Very good, Lucy.”

Tumayo ito at hinila ang isang wall torch na kahit kailan ay hindi niya nakitang nasindihan. Nag-vibrate ang isang dingding at umikot ng forty-five degrees. Nahantad ang isang lihim na pasilyo. Sinundan niya ang ina nang pumasok ito roon.

Isang pinto na may electronic handprint identification lock system ang nasa dulo. Itinapat ng kanyang ina ang kamay nito sa glass panel. Nag-green ang light monitor. Sunod naman nitong in-enter ang five-digit numerical code. Nag-green ang natirang light monitor.

Narinig ng dalaga ang pamilyar na swoosh ng nabuksang pinto. She felt the cold draft coming from the storage compartment.

Sa loob ay makikita ang isang open shelf. Mula roon ay kumuha ng isang glass cylinder ang nakatatandang babae. Inihulog nito roon ang shard bago ikinabit ang cylinder patayo sa isang liquid dispensing equipment. Napuno agad iyon ng greenish liquid. Selyado na iyon nang alisin ng kanyang ina sa makina. May pinindot itong panel sa dingding. Sunod nitong tinungo ang bilog na mesa sa gitna ng silid. Umangat ang ibabaw ng mesa at nabuksan ang isang compartment. At doon, held securely in its individual cylinders, ang iba pang *frustum* na nakolekta niya.

“Where will you send me next?” tanong niya nang nakalabas na sila ng ina sa secret storage room.

Tinitigan siya nito nang may pag-aalala.

“Ayaw mo ba munang magpahinga? Bakit hindi ka muna tumigil kahit mga isang buwan dito? We rarely have time for each other at nasasabik na akong makasama ka.”

“Hmm... at kailan ka pa naging sentimental?” natatawang biro niya rito.

Altessa Custodio was not her birth mother. Ang totoo ay hindi niya kilala ang tunay niyang mga magulang.

“I’m just worried about you. Palagi na lang kasing trabaho ang iniisip mo.”

“This isn’t just a job. Ito ang covenant natin. This is our life. Ikaw mismo ang nagsabi niyan.”

“You can’t rid the world of all evil at once.”

“At least, gusto kong bawasan.”

“Lucy...”

Bumuntunghininga siya. “Okay, para matigil ka na lang sa pag-aalala, I’ll stay here for a week bago ako pumunta sa next assignment ko.”

Napailing ito at masuyong hinaplos ang kanyang buhok.

“Sometimes, hindi ko maiwasang isipin na galit ka pa rin sa akin dahil sa nangyari nine years ago.”

“Hindi ako galit sa iyo, Mommy. I never was. Na-realize ko din sa huli na tama ka sa simula pa lang. I shouldn’t...”

Yumuko siya at ipinilig ang ulo. Some scars were better left untouched. Dahil kahit pilat na lang, masakit pa rin kapag nakakanti.

“Papasok muna ako sa room ko. I terribly need a

bath,” aniyang ibinalik ang sigla sa tinig.

“Ang mabuti pa’y umidlip ka na rin muna. Ipapatawag na lang kita kapag luto na ang tanghalian.”

Tumango siya at humalik sa pisngi ng ina. Nakakailang hakbang na siya nang muli siyang tawagin nito.

“Natutuwa ako’t nakauwi ka nang ligtas. You just can’t imagine how I missed my baby.” Mahigpit ang pagkakayakap nito sa kanya na sinabayan pa ng masusuyong haplos sa kanyang buhok.

Parang bumalik si Lucy sa pagiging isang bata. Sa panahong hindi pa niya alam ang tunay niyang pagkatao. At wala pang mabigat na tungkuling nakapatong sa kanyang mga balikat.

Iniwan niya ang ina at umakyat sa second floor patungo sa kanyang silid. It was spacious, with a queen-size four-poster bed covered with soft satin sheets, silk draperies, a mahogany working table kung saan naroon ang kanyang personal computer, and a home theater system. May ensuite bathroom na may malaking bathtub, isang shower stall na may hot water facility.

Binuksan niya ang faucet at tinimpla ang tubig sa tub. Kumuha siya ng isang botelya ng scented bath oils mula sa kanyang collection at nagsalin ng tamang dami sa tub. Habang hinihintay na mapuno ng tubig ang tub ay hinubad niya ang lahat ng damit. She stood naked in front of a full-length mirror.

Maganda siya, flawless, sexy. Maamo ang kanyang mukha, ngunit may kakaibang tapang ang mga mata niya. Lalo pang nakadagdag sa charisma ni Lucy ang mahaba at alun-alon niyang buhok na kakulay ng

honey.

Hindi siya mahihiyang luminya kasama ng mga *Victoria Secret* Angels wearing only her skimpy underwear. But she didn't belong to a catwalk, o kahit sa isang corporate environment. She didn't even belong to a normal household.

She eyed the small triquetra mark on her left breast. She wished she wasn't born with that mark. She wished...

Napabuntunghininga siya nang malalim. Itinali niya sa isang bun ang buhok. Umalis na siya sa harap ng salamin at lumusong sa maligamgam na tubig ng tub. Sumandal siya sa ulunan ng tub at ipinikit ang mga mata.

Hindi isang ordinaryong babae si Lucy. Isa siyang *venatrix*, isang huntress. She hunted monsters, demons, ghosts, and cursed ancient artifacts. Lahat ng kababalaghang may kaugnayan sa spirit world ay iniimbestigahan niya. Iyon ang kanyang trabaho. Iyon ang tadhanang kakabit na niya mula pa nang siya ay isilang.

Her biological mother was a local whore. Hindi niya kilala ang kanyang ama. Nanganak ang nanay niya sa loob ng isang kumbento. Namatay rin ito pagkasilang sa kanya. Taglay na niya ang marka pagkalabas pa lang niya sa sinapupunan ng ina. Iyon ang nagtulak sa isang madre na tawagan ang kakilala nitong *venatrix*.

Ilang araw pagkasilang sa kanya, kinuha siya ni Altessa sa kumbento at dinala sa sariling bahay. Ito na ang nagpalaki sa kanya. Ito na ang itinuring

ninyang magulang. When she turned sixteen, doon nag-manifest ang kakaibang kakayahan niya; lightning speed, agility and unusual strength. Malakas din ang kanyang extrasensory perception. And she could heighten one of her senses at will, disabling the others.

Noon lang ipinagtapat sa kanya ni Altessa ang kanyang pinagmulan at kung sino siya talaga. She introduced her to the *Domus Lux*, isang secret order of white priestesses na nabuo ilang siglo na ang nakakaraan. Naka-base ito sa Rome, Italy. Ang secondary goal ng grupo ay pigilan ang paglaganap ng kasamaan sa mundo na dala ng mga supernatural entities at ang i-regulate ang pagtawid ng mga spirits sa boundary ng mortal at spirit world.

Their primary goal was to gather all *frustums*, shards of a ritual gone wrong. Kailangan iyon para tuluyan nilang masarhan ang lamat na nalikha sa *animus clostra*, isang spirit barrier na naghahati sa mundo ng mga tao at mundo ng supernatural beings. Sa ngayon ay iilan pa lamang ang nababawi nila.

Pagkatapos magbabad ng halos kalahating oras sa tub, umahon si Lucy at hinugasan naman ang buhok. Binalot niya ang sarili sa makapal na bathrobe pagkatapos. Nasa kama siya at nagpapatuyo ng buhok nang kumatok si Altessa sa pinto ng kanyang silid. Nagsuot lang siya ng isang ankle-length summer dress, nag-apply ng kaunting pulbos at saka lumabas na.



It was a warm and breezy day. Nagtungo si Lucy sa stable. Inilabas niya ang kabayong si Merigold. Na-

miss na niya ang mamasyal sa paligid ng mansyon. And she missed the cliff. She rode like a pro, bringing the mare to a run across the fields of wild flowers, past the lines of Palawan cherries hanggang sa marating niya ang pataas na lupa.

Nang marating ang cliff ay pinahinto na niya si Merigold. Hinayaan niya itong mangingain ng damo sa paligid. Siya naman ay umakyat sa pinakamataas na bahagi, kung saan matatanaw niya ang buong bayan. May isang matandang puno malapit sa gilid. At doon ay nakasabit pa rin ang isang lumang duyan. Yari sa makapal na lubid at ang upuan ay isang dating gulong.

She had spent many summers there, watching over the town. Masyado pa siyang mapusok noon, overwhelmed sa taglay niyang kakaibang katangian. Ang buong mundo para sa kanya ay isang malaking adventure. Ang focus niya ay nasa kanyang trabaho. Excited siyang naghihintay sa bawat hunt.

At kapag hindi siya isang *venatrix*, dito siya nagpapalipas ng oras. Ito ang kanlungan niya. Until one warm breezy morning na may madatnan siyang ibang tao na nakaupo sa duyan.

Hinaplos niya ang makapal na lubid, watched the swing move with the breeze. She never realized that one morning would change her life forever.

Umupo siya sa duyan, sinubukan ang tibay noon. Mayamaya pa'y para na siyang lumilipad sa hangin.



As Vincent maneuvered the car around the semi-circular driveway, a sense of *déjà vu* washed over him.

Pamilyar sa kanya ang lugar. Although sigurado siyang hindi pa siya nakakarating sa mansyon. Minsan lang siyang nagbakasyon sa Palawan. That was when he took a break from his Law studies.

Ngayon ay isa na siyang *NBI* agent. At hindi bakasyon ang ipinunta niya rito.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwalang may nag-e-exist na isang sikretong organisasyon na ang layunin ay upang manmanan ang mga... multo?

He snickered and shook his head. Iyon lang ang ibinigay na impormasyon sa kanya ng superior niya. At least, that was how he took it. Tigas ang pagtutol niya nang papuntahin siya rito ng boss niya.

He was working on a very sensitive case. Ilang series ng kidnappings na ang biktima ay mga bata na edad pitong taon. Walang ransom na hiningi sa mga magulang. The perpetrators never contacted the victims' families. At pagkatapos ng ilang araw, makikita na lang ang bangkay ng biktima, warak ang dibdib at nawawala ang puso. Sigurado siyang isang organ smuggling syndicate ang involved.

Pero may ibang opinion ang superior niya. Prangka niyang sinabi na katawa-tawa ang idea nito at hindi kapani-paniwala. That was when he told Vincent of the *Domus Lux* and the *venatrix*. At dahil malaki ang tiwala nito sa kanya, kaya siya ang narito.

Akmang tatapak si Vincent sa concrete stairs nang makarinig siya ng halinghing ng isang kabayo. Napalingingon siya. And what he saw nearly stopped his breath.

Isa bang nimfa ang papalapit sa kanya? Nakasakay ito sa isang unsaddled na kabayo, lumulutang sa hangin ang mahabang buhok nito na ang ilang hibla ay humahalik sa magkabilang pisngi. Nakalilis hanggang sa hita ang laylayan ng summer dress ng babae. Her breasts bobbed with her every movement, hugging the soft, clinging fabric enticingly.

Sunud-sunod na lunok ang ginawa niya. Desire rushed in, so raw it almost choked him.

Hindi niya alam kung ilang minuto siyang nakatulala habang pinagmamasdan ito. Nakatitig din sa kanya ang dalaga, who dismounted the mare and was walking toward him now. And damn, the subtle flare of her hips made his blood boil. Para talaga itong isang nimfa.

Disappointed siya nang lumiko ito sa kanto habang akay ang sinakyang kabayo.

“Agent dela Vega.”

Napatingin siya bigla sa itaas ng hagdanan kung saan nakatayo ang isang babaeng sa tantya niya ay mid-fifties ang edad. She looked regal in her floral blouse, tight black trousers and leather boots.

“Kanina pa kita hinihintay.”

Napakamot siya ng ulo at napangiwi.

“I’m sorry, Ma’am. I got...” Nilingon niya ang gawi kung saan nakita ang magandang babae kanina. Nailing na napakamot siya uli ng ulo.

“You got what, Agent dela Vega?”

“Uhm... n-nothing.” Umakyat na ng hagdanan ang binata. Magkasabay nilang tinawid ang courtyard at pumasok sa mansyon.

“Sit down, Agent dela Vega.”

“It’s Vincent, Ma’am.”

Tumingin ito sa kanya at tipid na ngumiti. Tinawag nito ang isang katulong at nag-utos na maghanda ng merienda.

Iginala niya ang mga mata sa paligid ng sala. It reminded him of a Victorian living room na nakita niya minsan sa picture. Ang buong ground at ang mansyon ay Victorian-inspired.

“Tinawag na sa akin ni Lauro ang pagpunta mo,” anito. Hustong dumating ang maid na may dalang tray ng kape at sandwich. Sandaling nahinto ang pag-uusap nila.

She handed him one cup.

“Your boss asked for my help.”

“Ah, yeah!” matabang na sagot niya. Tumaas ang isang kilay nito.

“Parang hindi mo gustong hiningi niya ang tulong ko.”

Ibinaba niya ang tasa ng kape. He might as well be honest.

“Sa totoo lang po, hindi ko sigurado kung tama ngang hingin ng bureau ang tulong ninyo. I mean, ano naman ang kaugnayan ng mga multo sa kidnappings na iniimbestigahan namin?”

“Multo?” nagtatakang tanong nito.

“Iyon ang ginagawa ninyo, di ba? Ang mag-hunt ng mga multo?”

“They’re not just ghosts, mister.”

Ang sultry voice na nanggaling sa kanyang likuran ang nagpatigagal sa kanya.

“You’re here now. Good!” ani Altessa sa bagong dating.

He couldn’t turn his head dahil baka mawala na naman ang magandang apparition katulad kanina.

“Vincent dela Vega, meet my lovely daughter, Lucy.”

Noon lang siya lumingon. At awtomatiko siyang napatayo nang makalapit ito.

“Hello.”

Higit itong maganda sa malapitan. But what’s more interesting were her eyes. They were of different colors, one chocolate brown and the other one, a deep blue. And they seemed to suck his soul. He just couldn’t take his eyes away. He’d seen those eyes somewhere. Hindi lang niya matandaan.

May narinig siyang tumikhim. It must be the older lady dahil walang kangiti-ngiti ang kaharap niyang dalaga.

“Ang mabuti pa’y maupo na kayo.”

Naupo ang babaeng tinawag na ‘Lucy’ sa single couch na katabi ng ina nito. Parang gustong lumuwa ng mga mata niya nang ipagkrus nito ang legs.

“Gaya ng sinabi ko kanina, Mr. dela Vega—”

“Vincent’s fine, Lucy. Hindi natin kailangang maging pormal.”

Namula ito. At hindi niya mapigilang ngumiti.

CHAPTER 2



*M*ataas ang lagnat ni Lucy nang umuwi nang hapong iyon. Dumaing siya sa mommy niya. Pinainom siya nito ng gamot at pinagpabinga. Before dinner, nagising siyang nagdedeliryo.

“M-Mommy...” tawag niya.

May mga naririnig siyang bulong. Mga salitang hindi niya maintindihan. There were also visions of demons and monsters attacking her.

“Mommy!”

Kumakaway na ang dalawang kamay niya. She was trying to ward them off, fight them.

“No! Mommy!”

Bakit ayaw siyang tulungan ng mommy niya? Nasaan ba ito? The demons seemed to multiply, hanggang sa tuluyan siyang makiyog ng mga nakakatakot na nilalang. She curled into a ball terrified like a little child.



Nakatayo si Altessa sa paanan ng kama kasama ang isa pang babae.

“Lucy...”

Pinigil ito ng katabi. “Let her, Altessa. Alam mong kailangan niyang pagdaanan ang mga ito.”

“Pero nabibirapan siya.”

“If she’s truly a venatrix, malalagpasan niya ang pagsubok.”

Nagpatuloy ang pag-ungol at pagbiling ni Lucy sa bigaan. Hanggang sa muli nitong ikinampay ang mga kamay. This time, para na itong nakikipaglaban. Kumalma ito makaraan ang ilang sandali. Humihingal ito nang lapitan niya, her face was covered with sweat, kabit ang leeg at dibdib. Her panting eased and soon she was breathing calmly. Payapa na rin ang mukha nito na para bang mahimbing na itong natutulog.

Doon lamang napanatag ang puso ni Altessa.



Para ibang tao si Lucy nang magising siya kinabukasan. Magaan ang pakiramdam niya at parang... parang lalo siyang lumakas. She could feel some kind of current coursing through her veins.

Bumangon siya at nagbihis. Tabimik ang buong mansyon nang lumabas siya.

“Mommy?”

Walang sumagot. Wala rin ang mga maid. Lumabas siya ng courtyard. Nasa kalagitnaan siya ng fountain nang matigilan. She ducked and dove to the left hustong nag-swing ang isang espada. Mabilis siyang tumihaya.

“M-Mommy?”

Bakit may hawak na espada si Altessa? At bakit inaatake siya nito?

Muli nitong pinatama ang espada sa kanya at katulad kanina, mabilis siyang nakagulong at nakaiwas sa talim.

“M-Mommy, ano ba’ng nangyayari? W-why are you trying to kill me?”

“Get up, Lucy. Get on your feet and fight me.”

Fight her? Bakit gusto nitong lumaban siya?

Sa isang mabilis na kilos ay nakatayo siya. Hindi siya aware na nasa isang fighting stance na siya, slightly bent at magkahivalay ang mga paa, nasa harapan ang mga kamay. Alerto siya sa bawat kilos ng kabharap. In her mind she could anticipate her next move.

Tatakbo ito sa likuran niya at ipupukol ang puluhan ng espada sa kanyang ulo. Parang slow motion sa kanyang paningin na ginawa nga iyon ng ina. And she was able to match her every move, turning while she turned. Bago pa sumayad ang puluhan ng espada sa kanyang ulo ay nagawa na niyang salagin iyon ng kanyang braso. Itinulak ng kanyang libreng kamay ang nakatatandang babae at kataka-takang nag-slide ito nang may ilang metro palayo sa kanya.

Nalilitong pinagmasdan ni Lucy ang kanyang sarili. Paano niyang nagawa iyon? Saan niya natutunan?

Pero bago pa niya masagot ang sariling tanong ay heto na naman si Altessa. Napaluhod siya kasabay ng pagtataas ng dalawang kamay sa ere hustong ibinaba nito ang espada. Nakulong ang talim ng sandata sa pagitan ng kanyang mga palad. Ramdam niya ang puwersang tumutulak sa talim pababa. Puwersang nagawa niyang kontrahin sa pamamagitan ng pagpitik ng kanyang kamay sa kanan at pag-igkas ng kanyang isang binti. Tinamaan si Altessa sa tagiliran.

Nabitawan nito ang espada at nabuwal ito sa lupa.

“M-Mommy?”

Nag-panic si Lucy nang makitang nakabulagta ang kanyang ina. Inibagis niya ang espada palayo bago ito nilapitan.

“Mommy, I’m sorry. Hindi ko sinasadya.”

Sa halip na magalit ay tumawa ito nang malakas. Lalo lang iyong dumagdag sa kalituban niya.

“You’re good, Lucy. Magiging isa kang mahusay na venatrix.”

Namilog ang kanyang mga mata. Wala siyang maintindihan sa mga sinabi nito.

“Let’s go. Nagluto ako ng paborito mong pancakes. Kumain muna tayo. At pagkatapos, sasabihin ko sa iyo ang labat ng dapat mong malaman tungkol sa iyong pagkatao.”

Alanganing tinanggap niya ang kamay nito. She did try to kill her a while ago. Pero hindi, mommy niya ito. Her mind kept telling her that what happened was just a test. At hindi iyon sinalungat ng puso niya.

“A-ang sword mo...”

Altessa smiled, extended one hand toward the sword. “Moveo!” At her command, gumalaw ang espada at mabilis na lumipad patungo sa kanila. Napatingin siya kay Altessa.

“K-kaya mong pagalawin ang espada kahit hindi mo hawak?”

Tumango ito.

“Bawat venatrix ay may kanya-kanyang magical weapon. Ang sandata ang pumipili kung sinong venatrix ang paglilingkuran niya. This one is ensis,” tukoy nito sa hawak na double-edged sword. Mamula-mula ang blade niyon. At ang puluhan ay nababalot ng ginto. May nakalawit na isang puting bato sa dulo ng puluhan.

“Wala akong maintindihan sa mga sinasabi mo.”

Naaalim itong tumawa. “Halika na. Malalaman mo rin ang labat mamaya.” Inakbayan siya nito at sabay na silang pumasok sa mansyon.

Bago matapos ang araw ay nalaman na ng dalaga ang labat ng dapat niyang malaman tungkol sa Domus Lux at tungkol sa mga venatrix.

Kinabukasan ay may dumating na bisita sa mansyon. Isa ring venatrix si Esther. Kasama nila ito nang lumipad sila papuntang Rome makalipas ang dalawang araw. Hindi na siya nagtaka kung paanong naayos ng kanyang ina ang travel papers niya in a span of two days. She had learned, that although the Domus Lux was a secret order, it was very influential.

Sa unang pagkakataon ay narating ni Lucy ang pinaka-headquarters ng Domus Lux, isang templo na nakatago sa ilalim ng mismong siyudad ng Rome.

Sa loob ng Dome of Kings ay nahantad sa kanya ang assortment ng mga magical weapons ng mga venatrix. Isang baculus ang pumili sa kanya. Sa unang tingin ay isa lang iyong four-inch long na crystal rod na may nakabaong bato sa gitna. Ngunit nang iwasin niya iyon sa hangin, both ends thrust out revealing its true form.

Ang baculus ay isang two-hand staff, ang rear end ay isang three-sided blade na katulad ng sa epee, pero mas makapal at ang dulo ay matulis at kayang tumagos sa kabit anong surface. Ang front end naman ay isang two-inch flat blade sword na ang isang side ay serrated kagaya ng sa isang handsaw. Animo humuhuni iyon sa tuwing iwawasan niya. Ayon kay Esther, isa iyon sa pinakamalakas na sandata sa armory ng Domus Lux.

Tumigil pa sila sa templo nang ilang araw. Wala siyang

inaksayang sandali. She honed her newly acquired skills na kusa raw nagma-manifest kapag sumapit na sa kanyang ikalabing-anim na kaarawan ang isang venatrix. Naalala niyang nagkasakit siya a week after her sixteenth birthday.

Hindi na siya ang dating si Lucy pagbalik nila sa Pilipinas. Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral niya. Nagpatuloy siya bilang isang ordinaryong estudyante. Wala kasing dapat makaalam ng tunay niyang katauhan. It wasn't hard for her. Naging madali sa kanya ang mag-adjust.

And by the time she turned eighteen, isa na siya sa pinakamagaling na venatrix ng Domus Lux. Maluwag sa loob niyang tinanggap ang misyon. She even made her vow of solitude. Bawal kasi para sa isang venatrix ang umibig. Puwede silang pumasok sa isang relasyon at their own risk. Ngunit hindi ipinahihintulot ng Domus Lux na mauwi iyon sa isang seryosong pagsasama. Noong una ay balewala sa kanya iyon. Wala rin siyang hilig sa mga lalaki.

Until she met Vincent.



“Mommy, what’s this all about? Bakit narito ang lalaking iyan?” reklamo agad ni Lucy sa ina nang makaalis si Vincent.

Nabigla siya nang makita niya ito kanina pagkatapos niyang mangabayo. He had changed some, pero ito pa rin ang Vincent na nakilala niya nine years ago. He still had the same effect on her.

Those few hours na kausap nila ito ay parang torture sa kanya. Nagkunwari siyang kalmado. Kaswal siyang nakisali sa usapan. Ngunit ang totoo ay dumadagundong sa kaba ang kanyang dibdib.

Mas guwapo ito ngayon. Mas authoritative ang dating. At hindi nakatulong ang madalas nitong pagsulyap at pagngiti sa pagpipilit niyang kontrolin ang kanyang puso.

“Hinihingi ng *NBI* ang tulong natin.”

“Ang akala ko ba’y bawal tayong makialam?”

“Not unless sila na mismo ang humingi ng assistance natin.”

Hindi pa rin siya mapakali.

“There are only few people who know of our existence. At isa si Lauro doon.”

“Curious ako kung sino si Lauro sa buhay mo,” may himig panunuksong sabi niya.

“He’s just a friend, Lucy. At huwag mo akong titigan nang ganyan. Don’t change the subject.”

She giggled.

“Naniniwala si Lauro na hindi lang isang simpleng kidnapping ang nangyayari sa Manila. Sa palagay niya’y konektado iyon sa ritual na matagal na nating binabantayang maganap.”

Dahil sa nalikhang crack sa spirit barrier, naging madali sa lesser spirits and demons ang tumawid sa mundo ng mga tao. Ngunit kada isang siglo, isang ritual ang isinasagawa ng isang sekta upang mag-resurrect ng isang mas malakas na demon. Ngunit para maisagawa ito, kailangan ng isang buhay na vessel. Isang batang lalaki.

Over the centuries, maingat na binantayan ng mga *venatrix* ang pagsasagawa ng *accitio rituali*. At sa ilang siglong iyon, naging matagumpay ang mga itong pigilan ang ritual.

“Mukhang hinahanap na ng *tenebrants* ang vessel,” tukoy ni Altessa sa mga miyembro ng sekta.

It made sense.

“Nagbigay na ng order ang high priestess, Lucy. Ang tulungan si Vincent na pigilan ang ritual ang sunod mong assignment.”

“Pero, Mommy, hindi ba p’wedeng ako na lang ang kumilos? Bakit kailangang kasama pa siya?”

“Iyon ang utos. At mabuti na rin dahil hindi ka na mahihirapan sa iyong hunt. May hawak siyang mga impormasyon na makakatulong sa iyo.”

“H-hindi ba nila alam na hindi ako komportable sa kanya?”

“Lucy...” Isang masuyong pisil sa balikat ang ibinigay sa kanya ng ina niya. “Kalimutan mo na ang nararamdaman mo kay Vincent. Hindi ka na niya naaalala. At imposibleng maalala ka pa niya.”

“But did you see the way he looked at me?”

The older woman made a short laugh. “Lahat ng lalaki’y ganoon kung tunitig sa iyo. You’re an extremely attractive woman, Lucy.”

She snorted.

“Hindi natin maaaring suwayin ang utos ng high priestess. Iwasan mo na lamang na mapalapit uli ang loob ninyo sa isa’t isa. Treat him on a professional basis.”

Mabuti sana kung ganoon lang kadaling gawin iyon, she grumbled to herself.

CHAPTER 3



Nine years ago...
“Ano’ng pangalan mo?” tanong ng nakangiting lalaki na prenteng nakaupo sa kanyang duyan.

Titig na titig siya sa mukha nito. Hindi niya ito kilala. Ibig lang sabihin, hindi ito nagmula sa bayan.

“Sino ka?”

Umarko ang isang kilay nito, a gesture she found so appealing. Tumayo ito mula sa swing at lumapit sa kanya. Gusto niyang umatras pero dumikit na yata ang mga paa niya sa kanyang kinatatayuan.

“Ako nga pala si Vincent dela Vega.”

She stared stupidly at his outstretched hand for a minute before accepting it.

“A-ako si Lucy.” Nagdulot ng kakaibang kilig sa kanya ang pagkakadaop ng kanilang mga palad. Animo

napapasong mabilis niyang binawi ang kamay mula sa pagkakahawak nito.

“Sa iyo ba ang duyan na ito?”

Tumango siya.

“I’m sorry. Naligaw kasi ako sa gubat. Nakita ko itong talampas. The view is just awesome, hindi ko na namalayan ang oras.”

Napangiti siya. Pareho sila ng nararamdaman. Kapag nasa talampas siya, pakiramdam niya ay napakalapit niya sa langit.

“Hindi ka tagarito?”

Umiling ang lalaki. “No. Actually, nakabakasyon lang ako ngayon. Taga-Quezon City ako.”

“Bakit mo naman napiling magbakasyon dito sa Palawan?”

“Hmm... maraming nagsabi sa aking maganda dito sa Palawan.” Sinulyapan siya nito. “At mukhang tama sila. So far, wala pa akong nakitang hindi maganda sa lugar na ito. Nothing but exquisite, exotic beauty.” Malakas lang sa bulong ang huling sinabi nito. At malakas ang pakiramdam niyang siya ang pinatatamaan nito.

Napayuko ang dalaga dahil sa naramdamang uneasiness.

“How old are you?”

“Eighteen.”

“Hmm... you look like a fifteen-year-old child.”

“Hindi na ako isang bata!” She shot him a determined look. Humalakhak ito. There and then, pakiramdam niya ay nalaglag ang puso niya.

“Yes, you’re legally not a kid anymore. Thank

God!”

Kumunot ang noo ni Lucy. Nagtama ang mga mata nila. He laughed. Hindi na rin niya napigilan ang pag-alpas ng isang hagikgik.

Lumipas ang mga oras. They talked like old-time friends na noon lang muling nagkita. Lucy couldn't believe she'd enjoy the company of a total stranger.

But Vincent was so endearing na hindi niya gustong matapos ang oras at maghiwalay sila. Noon lamang siya nakaramdam ng ganoong attachment sa isang lalaki.

“Kailan ka aakyat uli sa cliff?” tanong nito habang pababa sila. Sinamahan na niya ito palabas ng gubat dahil baka maligaw na naman ito.

“Hindi ko sigurado. M-madalas kasi kaming umalis ni Mommy.”

Noon lang bumalik sa isip niya kung sino siya talaga. At nalungkot siya dahil batid niyang kung anuman itong atraksyon na nararamdaman niya sa binata ay kailangan na niyang kalimutan hanggang maaga.

“Saan ka ba nakatira? Baka p'wede akong dumalaw sa inyo?”

“N-naku, masyado kasing strict si Mommy. H-hindi siya papayag.” Nakita niyang lumaylay ang mga balikat nito. “I'm sorry,” anas niya.

“Okay lang,” tipid itong ngumiti. “I guess I'll see you when I see you.”

Mabigat din ang loob ni Lucy. She would love to know him better. She would give anything just to spend time with him. Ngunit magagawa lang niya iyon kung

hindi siya isang *venatrix*.

“Taluntunin mo lang ’yang track na ’yan. ”Tapos, lumiko ka sa kanan pagdating sa malaking puno ng acacia. Makikita mo na ang bungad ng bayan.”

“Salamat.”

Muling nagtama ang kanilang mga mata. And time seemed to freeze for Lucy.

“You have unique eyes,” tukoy nito sa magkaibang kulay ng kanyang mga mata. She had never been conscious of her eyes kahit pa madalas iyong punahin sa kanya.

“Heterochromia iridum, it’s an eye condition.”

“They’re beautiful.”

Mabilis namula ang magkabila niyang pisngi.

“I... I should go back. Baka hinahanap na ako ni Mommy.”

“Are you sure it’s safe? P’wede kitang samahan uli. Tutal naman kabisado ko na ang daan pabalik.”

“No, okay lang. Sanay na ako sa loob ng gubat. At saka, walang mabangis na hayop na p’wedeng sumalakay sa akin.”

“Well, if you say so.” Nagkibit ito ng balikat.

Ilang minuto na ang lumipas, pero nakatayo pa rin sila roon, naghihintay kung sino ang unang tatalikod at maglalakad palayo. Nang kapwa nila ma-realize na mukha na silang mga tanga, nagkatawanan na lamang sila.

“Sige na, ako na ang unang lalayo,” she said. “Goodbye, Vincent. It was nice meeting and talking with you.”

“Same here.”

Kumaway si Lucy at tumalikod na. Halfway, she couldn't resist the urge to look back. Naroon pa rin ang lalaki kung saan niya iniwan. Kumaway ito at nanatiling nakatitig sa kanya.



“You're late,” puna ng kanyang ina. Nakahain na nang dumating siya. Hindi na niya nagawang magpalit ng damit.

“Sorry, Mommy. N-nawili akong mamasyal.”

“Galing ka sa cliff?”

Tumango si Lucy at sinimulang higupin ang kanyang soup. Maganda ang mood niya. Maganda rin ang kanyang appetite. Kahit siguro hainan siya ng mga pagkaing hindi niya kinakain, lalantakan niya iyon nang walang pagtutol.

“Bakit parang gutom na gutom ka yata?” naaliw na puna ng kanyang ina.

“Ayaw mo? Dati-rati'y pinupuna mo kapag kaunti lang ang kinakain ko.”

“Hmm... mukhang may magandang nangyari sa iyo ngayong araw. Nagniningning ang iyong mga mata.”

Nasamid siya. Inabot niya ang baso ng tubig. Nangingiting nakatitig lang sa kanya ang ina.

“M-Mommy...”

Nasa library na sila noon. Naging ugali na nilang mag-ina na magpaantok sa pamamagitan ng pagbabasa ng libro.

“Na-in love ka na ba before?”

Halatang nagulat ito sa tanong niya.

“Bakit mo naman naitanong iyan?”

“Curious lang ako, Mommy. You’re beautiful. Imposibleng walang lalaking na-in love sa iyo noon.”

“Kung ang gusto mong malaman ay kung nagkaroon ako ng relasyon noon, oo. But nothing serious.”

“As in nothing? Wala kang minahal isa man sa mga naging boyfriends mo?”

Altessa chuckled. “Well, there was one. Pero hindi rin kami nagtagal.” Nang sulyapan siya ng kausap, nakita niya ang panandaliang lungkot sa mga mata nito.

“We’re forbidden to fall in love, remember? Not because falling in love is a hideous thing. Sa mga katulad natin, falling in love can get in the way of our job. Hindi lang sarili natin ang inilalagay natin sa panganib, higit ang mga taong mahal natin.”

“Parang ang lungkot naman ng buhay natin. We’re destined to live our lives alone.”

“Yes. Malungkot ang buhay natin. Kaya iyong may malalakas na kalooban lang ang pinipiling maging isang *venatrix*. We were chosen because we are strong enough to face a life of solitude and loneliness.”

“Paano kung.. paano kung hindi ako ganoon katapang, Mommy?”

Altessa stared at her with a frown. Ibinaba nito ang binabasang libro at hinarap siya.

“What if hindi ko na gustong mabuhay nang mag-isa? What if bumigay ako sa tawag ng pag-ibig?”

“Impossible ang sinasabi mo. You already took your vow.”

Bumuntunghininga nang malalim ang dalaga at tumitig sa kisame.

“Okay, spill it out. May gusto kang sabihin sa akin? May nangyari ba habang nasa cliff ka?”

Nagdalahang-isip pa si Lucy kung sasabihin sa ina ang tungkol kay Vincent. But then, naisip niyang kung mayroong makakatulong para maintindihan niya itong kakaibang nararamdaman, it would be her mother.

“I met this guy.” Tumaas kaagad ang kilay nito. “His name’s Vincent. Bakasyonista lang siya dito sa Palawan.”

“And?”

“Nadatnan ko siya kanina sa cliff. Nagpakilala siya and we spent hours talking.”

“Hindi mo sinabi sa kanyang..”

“No. Hindi ko nakakalimutan na walang p’wedeng makaalam na isa akong *venatrix*. It was just a casual conversation. Magaan ang loob ko sa kanya.”

“Magaan lang?”

Nagkulay-kamatis uli ang mukha ni Lucy.

“I think I’m attracted to him.” She shot her mother a look.

Malalim ang pinakawalang hininga ni Altessa.

“Malaki ang pagkakaiba ng attraction sa love.”

“But this... what I feel could lead to love, couldn’t it?”

“Hindi kung pipigilan mo.” Naupo ito sa tabi niya nang bumangon siya mula sa pagkakahiga sa sofa. Inakbayan siya nito. Isinandal niya ang ulo sa balikat ng ina.

“You’re still young, Lucy. Matalino ka. Alam mo kung ano ang dapat at hindi mo dapat gawin. Kung hindi ka isang *venatrix*, ako ang unang-unang matutuwa

na umiibig ka na. But you're not an ordinary woman. Kung sa pakiramdam mo, hindi lang isang simpleng paghanga ang nararamdaman mo sa lalaking 'yun, ngayon pa lang ay sikapin mo nang pigilan ang nararamdaman mo. It's more for his own good. Believe me."

Hindi umimik ang dalaga. Alam niya iyon kaya lang hindi niya talaga maintindihan. Pero siguro nga'y tama ang kanyang ina. Mas makabubuting kalimutan na niya si Vincent habang maaga. Habang hindi pa lubusang nahuhulog ang loob niya rito.



"Lucy, sandali!"

Napangiwi siya nang marinig ang tinig ni Vincent. May binili lang siya sa bayan. Hindi naman niya akalaing makakasalubong niya ito. She tried to avoid him. Pero parang ayaw gumana ng kakayahan niyang maging mabilis.

"H-hi!" nakangiting baling niya rito. "Narito ka pa pala."

"Hindi pa tapos ang bakasyon ko," seryosong tugon nito. "Ilang araw kitang hinintay sa cliff. Iniiwasan mo ba ako?"

The hurt tone of his voice tugged at her heart.

"May ginawa ba akong masama n'ung magkasama tayo na ikinagalit mo?"

"N-naku, wala! Ano naman ang ikakagalit ko?"

"Kaya nga nagtataka ako kung bakit mo ako iniwasan."

"H-hindi rin kita iniwasan. A-ano kasi, may

pinuntahan kami ni Mommy kaya nawala ako nang ilang araw.”

It was a lie. Isang buwan na ang nakakaraan mula nang huli niyang hunt. At wala pang ibinibigay na assignment sa kanya ang high priestess. Wala ring napapabalitang kababalaghan na maaari niyang pagtuunan ng pansin.

“Ganoon ba?” Bahagyang nabawasan ang lungkot nito. “May pupuntahan ka pa ba? Samahan mo naman akong mag-snack.”

Say no, Lucy. Say no!

Pero iba ang nanulas sa bibig niya. “Okay, p-pero sandali lang. K-kailangan ko kasing umuwi nang maaga.”

Her heart fluttered when he grinned.

Dinala siya ng binata sa isang fastfood restaurant. Hinayaan na niyang ito ang mag-order ng pagkain nila. Habang nasa counter, nagkaroon siya ng pagkakataong obserbahan ang kasama.

Twenty-three years old lang ito. May degree na ito sa Political Science at kasalukuyang nag-aaral ng Law sa UP Diliman. Pangarap nitong maging isang *NBI* agent.

He’s more than a good-looking face. He had brains to match his looks. Iyon ang nakabighani sa kanya. Napaka-strong ng personality nito. Ngayon pa nga lang, standout na ito sa karamihan, paano pa kaya kung tuluyan nang mawala ang boyish features nito at mapalitan ng isang mas matured na hitsura? He’d soon make every girl in the neighborhood swoon.

Malungkot siyang napangiti. How she wished na makita niya ang pagbabago nito sa susunod na mga

taon.

She desperately wanted to be a part of his life, hindi lang bilang isang kaibigan. She wanted more.

Ngayon niya na-realize na hindi lang simpleng attraction ang nararamdaman niya para sa binata. She was surprised by the amount of joy that consumed her when she saw him a while ago.

Ang bagay na ilang araw niyang ikinaila sa sarili ay parang isang palad na sumampal sa kanya kanina. Na-miss niya ito. Sobra.

Ngunit hindi na dapat lumawig ang damdaming iyon. Ngayon pa nga lang, lumalabag na siya sa vow na sinumpaang niya. And she couldn't bear to lie to him forever. Kung ano talaga siya, kung ano ang kanyang ginagawa.

They simply had no future together. No matter how strongly she wished for one. It wouldn't do her any good getting caught in the fascinating illusion. Dahil iyon lang iyon. Isang ilusyon.

CHAPTER 4



“**K**anina ka pa tahimik. Hindi mo ba gusto ang pagkain?” puna ni Vincent dahil kanina pa niya hinahalo ang spaghetti sa plato.

“No! M-may iniisip lang ako.”

Ibinaba nito ang hawak na tinidor.

“Natatakot ka bang malaman ng mommy mo na sumama ka sa akin? Kung iyon lang, ihahatid kita. Hayaan mong ako ang mag-explain sa kanya.”

“It’s not that. Hindi naman ganoon kahigpit si Mommy para pagbawalan akong sumama sa isang kaibigan.”

Sa halip na ma-appease, lalo lang bumakas ang pagkalito sa mukha ng kausap.

“Then what’s bothering you? Gusto ko na tuloy isipin na ayaw mo talaga akong kasama.”

“No!” Napatitig dito si Lucy. “I... I like being with

you.” Bigla na lang iyong lumabas sa bibig niya. Gusto niyang bawiin pero nagbago ang isip niya. Bumalik na kasi ang ningning sa mga mata ng binata. And the lazy grin he flashed, iyon iyung ngiting gustung-gusto niyang makita sa mukha nito.

Namilog ang mga mata niya nang bigla nitong hawakan ang kanyang kamay.

“Lucy...”

The sincerity in his voice and his eyes drowned her. Nawalan siya ng lakas na magsalita o bawiin ang kamay niyang hawak nito.

“Alam kong masyado pang maaga. And I’m not the impulsive type. Hindi rin ako isang risk-taker lalo’t personal na damdamin ang involved. But I’d take this risk, anyway.”

“H-hindi kita maintindihan.”

“I like you very much, Lucy. I may be starting to fall in love with you. Gusto kitang ligawan.”

Kung isang ordinaryong babae lang si Lucy, lulundag siya sa tuwa dahil sa narinig.

“Y-you can’t!”

“Bakit hindi? I know you’re still young. Ganoon din naman ako. I don’t want to rush into things. But I want you in my life, Lucy. As my girl.”

“Hindi nga p’wede. Hindi mo alam ang sinasabi mo, Vincent.”

“I don’t understand. You felt it, too, didn’t you? You’re attracted to me as I am to you.”

“At iyon lang iyon. Isang simpleng atraksyon. I’m sorry kung na-misinterpret mo ang actions ko. But the truth is, wala akong malalim na nararamdaman

para sa iyo.”

Umiling ito. “You’re lying. Kung wala lang tayo sa harap ng maraming tao, patutunayan ko sa iyong nagsisinungaling ka.”

Naningkit ang mga mata niya.

“Masyado ka naman yatang mayabang.”

He sneered. “Hindi kayabangan ang pagsasabi ng totoo. Your eyes mirror the same longing I felt for you. Ganyan ka ka-transparent.”

Napigil niya ang hininga. Talaga bang nabasa nito iyon sa kanyang mga mata?

Binawi niya ang kamay niyang hawak pa rin nito at padabog na tumayo.

“This conversation is going nowhere. Salamat sa merienda. But I’d appreciate it kung hindi mo na ako guguluhin nang ganito.”

“I won’t give up on you easily, Lucy.”

Hindi na niya ito nilingon. Lumabas siya ng restaurant at tumakbo palayo sa bayan, sa mga tao, palayo sa binatang aminado siyang nagsisimula na niyang mahalín.



“May bisita ka,” bungad ng kanyang ina nang bumukas ang pinto ng kanyang kuwarto.

Kumunot ang noo ni Lucy. “Sino?”

Wala siyang pinahintulutang pasyalan siya sa bahay. Kahit ang malalapit niyang kaibigan, na mabibilang lang naman sa daliri.

“A very persistent young man.”

Si Vincent!

Sumikdo ang puso niya. Lalong umapaw ang pananabik sa kanyang dibdib. But she just shook her head and went back to her book.

“Pakisabi na lang na masama ang pakiramdam ko, Mommy.”

Tinitigan siya nito nang matagal na parang sinusukat ang desisyon niya. She closed the door without a word.

Hindi siya kinompronta ni Altessa kahit nang makita niyang umalis si Vincent. Nakasilip siya sa bintana at natanaw niya nang sumakay ito ng kotse. Nangilid ang luha sa kanyang mga mata.

Pagkakain ng tanghalian ay nagkulong siya sa kuwarto at natulog. Nang magising ay nagpaalam siya sa ina na pupunta lang sa cliff. Pinayagan siya nito. Hindi na niya dinala ang kabayo patungong talampas. Gusto niyang i-exercise ang mga paa sa pamamagitan ng pagtakbo. She was slightly out of breath when she reached the place. Nakaramdam siya ng disappointment nang makitang walang tao sa lugar.

Naupo siya sa swing at pinagmasdan ang tanawin sa ibaba. Kung dati ay nasisiyahan siya sa tuwing nasa tuktok siya ng talampas, ngayon ay lungkot ang hatid sa kanya ng magandang tanawin. There would never be normalcy for her. She would grow old and alone like Altessa, like every other *venatrix* that came before her. Masuwerte pa nga si Altessa. Her mother had her. May makakasama ito sa pagtanda. Pero siya?

Suddenly, she didn't want to be a huntress anymore. Ano ba kung may gumagalang demons at cursed artifacts sa paligid? Would the world be a better

place kung mapupuksa niya ang mga supernatural beings na naghahasik ng kasamaan? Evil existed in any form. Kakambal na ng mabuti ang masama. Mawawalan ng balanse kung isa lang sa dalawa ang mag-e-exist.

Ano ba talaga ang ipinaglalaman niya?

“S’abi ko na nga ba’t hindi ka rin makakatiis.”

Gulat siyang napaligon. Was she so focused on her emotional turmoil that her heightened senses failed to work?

Napatayo si Lucy. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Nagbabakasakaling lumabas ka ng lungga mo at kausapin ako. Alam kong nagsinungaling ka lang kanina.”

“Wala na tayong dapat pag-usapan. Umalis ka na,” malamig na tugon niya.

Umupo siyang muli sa swing. Vincent grabbed her arm and pulled her. On instinct ay naitulak niya ito. At dahil mas malakas siya, nawalan ng balanse ang binata. Nahulog ito sa dalisdis sa likod.

Malakas ang naging sigaw nito habang nagpagulong-gulong sa lupa.

“Oh, my God, Vincent!”

Tinalon niya ang espasyo sa pagitan nila ng binata. Halatang ininda nito ang sakit sa pagbagsak. Hawak pa nito ang kaliwang paa.

“Paano kang naging ganoon kalakas?” he asked between clenched teeth.

Hinubad niya ang rubber shoes nito. Napamura si Vincent sa sakit.

“Na-sprain ang paa mo.” Nagsisimula na nga iyong

mamaga. Tumitig siya sa binata. Hindi nito kakayaning maglakad. At lalong hindi ito papayag na pasanin niya. Isang paraan na lang ang nalalabi.

“I’m sorry, Vincent,” bulong niya bago ipinatong ang isang kamay sa leeg nito at pinisil ang carotid artery. Ilang segundo lang ay wala na itong malay. Noon pa lang niya nagawang pasanin ang katawan nito at tumakbo pabalik ng mansyon.

Nagulat si Altessa nang makita siyang bitbit niya ang lalaki sa kanyang balikat.

“Lucy, what happened? Bakit—”

“Mommy, please, mamaya mo na ako tanungin. He got a sprained ankle. I had to take him down para mabitbit ko pabalik dito.”

Base sa paglalapat ng mga labi nito, alam niyang isang mahabang sermon ang naghihintay sa kanya.

“Ipasok mo siya sa guest room. Pagkatapos ay kunin mo ang bandage sa first aid cabinet.”

Sinunod niya ang sinabi nito. Nilagyan ng cold compress ni Altessa ang bahaging namamaga pagkatapos ay nilagyan iyon ng bandage. Ipinatong din nito ang paa ng binata sa tatlong stack ng unan.

“Mag-usap tayo,” mariing bulong nito nang tumapat sa kanya. Sumunod siya sa ina hanggang sa sala. “Ang akala ko ba’y iniwasan mo na siya?”

“Umiwas na nga ako, di ba? Hindi ko naman alam na pupuntahan niya ako sa cliff.”

Nahilot nito ang sentido. “Ano ba talaga ang nangyari?”

“Wala namang tao sa cliff nang pumunta ako. Nakaupo lang ako sa swing. Nagulat na lang ako na

nasa likuran ko na pala siya.”

“Hindi mo naramdaman ang paglapit niya?”

Umiling siya. “ I... I was distracted. Malalim ang iniisip ko.”

“At parang alam ko na kung ano,” patuyang dugtong ng kausap. Parang batang nagyuko lang siya ng ulo. “Paano naman na-sprain ang paa niya?”

Ikinuwento ni Lucy sa kanyang ina ang tangka niyang pagtataboy kay Vincent at ang aksidenteng pagkakatulak niya nang hawakan siya nito.

“Iyan na nga ba ang sinasabi ko.”

“Mommy, hindi ko naman sinasadya.”

Bumuntunghininga ito. “Kapag nagkamalay na siya’y ihahatid ko siya sa tinutuluyan niya. And as for you, inaasahan kong susundin mo ang sinabi ko sa iyo. Layuan mo siya, Lucy. Kung ayaw mong higit pa sa nangyari ang mangyari sa kanya.”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. At sa harap nito ay napaluha siya.

Lumambot naman ang puso ni Altessa. Alam nitong nahahirapan si Lucy. She had been in a similar situation, back when she was younger. Sinunod nito ang puso. At disaster ang kinalabasan niyon. Ayaw ni Altessa na maranasan ni Lucy ang sakit na dinanas nito noon.

Niyakap nito ang dalaga.

“Hindi ko maintindihan, Mommy. Bakit ako nasasaktan? Hindi ko siya p’wedeng mahalín. Ayoko siyang mahalín,” daing niya sa pagitan ng paghikbi.

“Shh... malalagpasan mo rin ito. You’re stronger than you think.”

Hinayaan siya ng kausap na humagulgol sa balikat nito.

“Paano kung sabihin ko na lang sa kanya kung ano talaga ako?” tanong niya nang mahimasmasan.

“Sa palagay mo ba’y maniniwala siya? And do you think he can handle it?”

Hindi na umimik si Lucy. Nagpaalam siyang papasok na sa kuwarto.

“Please take care of him. H-hindi na ako magpapakita sa kanya.”

“Huwag kang mag-alala, ako na ang bahala sa kanya.”



Nagising si Vincent na nasa loob ng isang hindi pamilyar na silid.

“Gising ka na pala,” bungad ng babaeng pumasok sa kuwarto. Isang tray ang bitbit nito. “Kumain ka muna. Pagkatapos mo’y ihahatid kita sa tinutuluyan mo.”

“S-si Lucy po?”

“She’s already sleeping.”

Nahuli niya agad na nagsisinungaling ito. Hindi niya mapigilang mainis.

“P-paano po ako nakarating dito?”

Matagal siyang tinitigan ni Altessa. Matapang niyang sinalubong ang titig nito.

“Humingi ng tulong si Lucy nang mahulog ka’t mawalan ng malay.”

Natatandaan niyang nahulog siya, pero hindi siya nawalan ng malay. Nagawa pa nga niyang tanungin si

Lucy kung paano itong nagkaroon ng kakaibang lakas at nagawa siyang itulak nang halos may dalawang dipa.

May inililihim sa kanya ang dalaga.

“Kumain ka na. Babalikan na lang kita mamaya.”

Walang ganang kumain si Vincent. He needed some answers.

“Gusto ko pong makita si Lucy.”

“Sinabi ko nang natutulog siya.”

“And I know you’re lying.”

Napaawang ang bibig ng kausap nang sumulyap sa kanya. Ibinaba niya ang dalawang paa sa sahig. Sumirit ang kirot sa kaliwang paa niya nang pilitin niyang tumayo. Ngunit tiniis niya iyon.

“You fool!” the older woman muttered.

“Ma’am, alam kong hindi ninyo ako gusto para sa anak n’yo. But believe me, mahal ko siya at malinis ang intensyon ko sa kanya.”

“It doesn’t matter whether I like you or not, young man. Hindi iyon ang issue. Hindi kayo maaaring magkaroon ng relasyon ng anak ko.”

“Bakit? Ano’ng kakaiba kay Lucy na pumipigil sa kanyang mahal in ako?”

Binigyan lang siya nito ng isang matalim na sulyap at saka lumabas ng silid. Frustrated na naisuntok ng binata ang isang kamao sa poste ng kama. He felt the sting. Ngunit mas matindi ang naramdaman niyang inis kaysa pisikal na sakit.

Nang sunduin siya ni Altessa ay walang imik siyang sumama. Habang sakay ng kotse at tinatahak ang pababang daan, nilingon ni Vincent ang pinanggalingang mansyon. He knew Lucy was

watching them. He could feel it. Kung anuman ang pumipigil ditong pagbigyan ang damdamin, hindi siya susuko hangga't hindi iyon natutuklasan.

Kay Lucy lang niya naramdaman ang ganito kasidhing paghahangad.

CHAPTER 5



Lsang nakababahalang katahimikan ang bumabalot sa liblib na pook na iyon, na kalapit-bayan lang nila. Dalawang linggo na nang magsimula ang balitang may isang kakaibang nilalang ang gumagala sa gabi at pumapatay ng mga alagang hayop. Kalaunan, ilang tao na ang napabalitang nawawala.

Ilang araw na nagmanman si Lucy. Hanggang sa marating niya ang tagong bahaging ito, isang maliit na kuweba sa dulo ng isang marsh.

Naningkit ang mga mata niya. Alam na niya kung sino ang may kagagawan ng pagpatay. Isang aswang.

Somewhere, a dog howled. Umihip ang malakas na hangin, creating strange whispers between the trees. Lucy stood still, pinakiramdaman ang paligid. May naramdaman siya sa likuran niya. May sumusunod sa

kanya.

Pinitik niya ang kamay. Umusli ang dalawang dulo ng *baculus*. She made a half turn and swung the staff.

“Jesus!”

Nanlaki ang mga mata niya nang mapagsino ang sumusunod. Alam niyang tao ang nasa likuran niya kaya alalay lang ang kanyang blow. The blade merely touched his neck.

“Vincent?”

Ang lahat ng kontrol na taglay niya kanina ay naglahong parang bula. Hinila niya ang binata sa isang ligtas na sulok.

“Ano’ng ginagawa mo dito? Sinusundan mo ba ako?”

“You gave me no choice! Ayaw mo akong kausapin.”

Pumikit siya at bumilang ng sampu. Nangangati na ang mga daliri niyang pisilin na naman ang carotid vein nito para mawalan ng malay.

“Mapanganib dito.”

“Then why are you here? At saka bakit ganyan ang ayos mo? At what is that you’re holding? Muntik mo na akong patayin kanina.”

“I’m just trying to scare you!” she hissed.

“Ano ba talaga ang ginagawa mo dito?”

Huminga siya nang malalim. Nalilito siya kung ano ang dapat gawin. Kung ilalayo niya rito si Vincent, baka makatunog ang pakay niya at makatakas. Lilipat lang ito ng ibang lugar upang maghasik ng lagim.

Mabuti na rin sigurong makita ng lalaki kung ano ang trabaho niya. This way baka kusa na itong lumayo

sa kanya. She smiled at him bitterly.

“Gusto mong malaman? Sumunod ka, and please lang, don’t do anything stupid. At kapag sinabi kong tumakbo ka, sundin mo. Nagkakaintindihan ba tayo?”

Tumango ito at parang batang excited pang ngumisi. Umikot ang mga mata niya.

Tahimik na binalikan niya ang puwesto kanina. Sandali siyang nakiramdam. Sumenyas siya ritong papasok sila ng kuweba.

Nakarinig sila ng matinis na hagigik sa loob, at isang nagmamakaawang lalaki.

“What the—” bulong ni Vincent. Sinenyasan niya itong tumahimik.

Isang lalaki ang nakatali sa tulos. Sa harapan nito ay isang babae na may mahaba at magulong buhok. She had eyes that bulge out from the sockets, a crooked nose and sharp teeth. Inilabas nito ang mahabang dila na may hiwa sa pinakadulo, parang sa ahas, at dinilaan ang dibdib ng lalaking nanginginig sa sobrang takot. Lumaylay ang ulo nito nang mawalan ng malay.



Hindi makapaniwala si Vincent na may nag-e-exist na ganoong nilalang. Ang akala niya, alam lang ang mga aswang. He never realized he’d come up close with one. Humakbang si Lucy at humakbang din siya. Pero pinigil siya nito sa dibdib. He opened his mouth to protest, pero tinitigan siya nito nang matalim. Wala siyang nagawa kundi ang manatiling nakatago at panoorin ang gagawin nito.

Itinaas ng aswang ang isang kamay. Akmang

ibabaon na nito sa dibdib ng lalaki ang matutulis at maiitim na kuko nang sumugod si Lucy. Gumulong sa lupa ang decapitated hand ng aswang nang tamaan ito ng blade ng staff. Sumigaw ito sa sakit at mabilis na sinugod ang dalaga. Nakaiwas si Lucy at minsan pang iwinasiwas ang sandata. Ngunit naging maagap na rin ang aswang. Inilabas nito ang malalaking pakpak at tatakas na sana.

Pero bumuwelo si Lucy, itinapak ang dalawang paa sa dingding ng kuweba upang makatalon. Sinalubong nito sa ere ang aswang. Nagawa nitong putulin ang isang pakpak ng nilalang. Pumunit sa katahimikan ng gabi ang matinis na daing ng aswang nang bumagsak ito sa lupa, sa tabi ay bumagsak din ang kumikisay pa nitong pakpak. Walang inaksayang sandali ang dalaga. Ibinaon nito sa dibdib ng aswang ang isang dulo ng staff. Kitang-kita ni Vincent nang magliyab ang nilalang at maging abo.

Sunod nitong kinalas ang pagkakagapos ng walang malay-tao na lalaki. Walang kahirap-hirap na pinasan ito ng dalaga palabas ng kuweba.

“Tiwan na lang natin siya diyan?” tanong niya kay Lucy nang ibaba nito ang lalaki sa isang clearing.

“Wala nang panganib. At may mga nagrorondang tanod. May makakakita rin sa kanya. Let’s go.” Hinawakan siya nito sa braso. “Walang dapat makakita sa atin dito.”

Isinuksok nito sa likod ang sandata na naging isang crystal rod na lang.



Humantong sila ni Vincent sa gilid ng isang stream, malayo na sa kuweba.

“P’wede mo na bang ipaliwanag sa akin kung ano ang nasaksihan ko?”

Huminga muna siya nang malalim.

“Isa akong *venatrix*, Vincent. I’m a part of a secret order known as the *Domus Lux*.”

Parang lalo itong nalito. Pinagkrus nito ang dalawang braso sa dibdib.

“Isang millenium na ang nakakaraan, isang ancient order ng witches ang sumubok na i-vanquish ang isang makapangyarihang demon gamit ang isang ritual. But something went wrong. Sa halip na ma-vanquish ang demon, nahati lang ang katawan nito sa libong piraso, kumalat sa buong mundo at sumanib sa kung anu-anong bagay, making them cursed. Hindi lang iyon, lumikha pa ng isang lamat sa *animus clostra* ang nasabing ritual, enabling lesser demons to cross the barrier between the spirit world and the human world.”

“At ano ang papel ng mga katulad mong vene...”

“*Venatrix*. Isa akong huntress. Ang misyon ko’y ang hanapin ang kumalat na shards ng demon, at least iyong kumalat dito sa Pilipinas, at ibalik iyon sa templo ng *Domus Lux*. At the same time, binabantayan din namin ang mga supernatural activities sa paligid.”

Naipikit ni Vincent nang mariin ang mga mata at minasahe ang batok.

“Ang mommy mo...”

“She’s also a *venatrix*. At hindi siya ang tunay kong ina. My birth mother died after giving birth to me. Hindi ko naman kilala ang biological father ko. The

moment na nakita n'ung mga madre sa kumbento na isa akong *venatrix*, tinawagan nila agad si Mommy Altessa. Kinuha niya ako sa kumbento at siya na ang nagpalaki sa akin.”

“At paano nila nalaman na isa kang *venatrix*?”

Kinalas ni Lucy ang ilang butones sa tight coverall. Hindi agad ito nakapagsalita nang ipakita niya ang marka ng isang *venatrix* sa dibdib niya.

Binigyan niya ito ng sapat na panahon para i-absorb ang lahat ng sinabi niya.

“Wow!” He’s not a bit pleased.

“Iyon ang dahilan kaya hindi kita p’wedeng mahalin, Vincent. You’ll only get in the way of my job.”

“At mas mahalaga sa iyo ang iyong trabaho. Iyon ba ang gusto mong sabihin?”

Mas mahalaga ka sa akin. Ayokong masaktan ka.

Hindi na lamang siya umimik.

“Are you happy, Lucy?”

Was she? Noon, oo. Noong hindi pa niya nakikilala si Vincent. Pero ngayon?

“O-of course I’m happy. Iilan lang ang nabibiyayaan ng kakaibang kakayahan na katulad ng sa akin.”

“Yes, nakikita ko ngang masyadong exciting ang buhay mo. You must be thrilled.” Hindi nito itinago ang sarkasmo sa tinig.

Hinayaan na lamang niyang isipin nito ang gustong isipin. Lalo kasing hahaba ang diskusyon nila kung sasalungatin pa niya ito.

“Walang ibang dapat makaalam ng totoong katauhan ko. Huwag mo na lamang ipagsabi sa iba ang nasaksihan mo, pakiusap.”

Pagod itong nagbuga ng hangin. “Don’t worry. Your secret’s safe with me.”

“Salamat,” she whispered. Tahimik siyang nilagpasan ni Vincent. Nakagat niya ang pang-ibabang labi sa pagpipigil na maiyak. Sumunod na lamang siya sa binata. Nang masiguro niyang ligtas ito kahit mag-isa, saka siya tumalilis.



Hindi na nagtaka si Vincent nang hindi na makita sa kanyang likuran si Lucy. He was shocked. Hanggang ngayon ay parang isang bangungot lang ang lahat.

A demon huntress! Ni wala siyang idea na may mga nag-e-exist na ganoong tao. Ni hindi nga siya naniniwala sa mga supernatural beings.

Pero may nagbago ba sa nararamdaman niya? Wala. Hindi rin nagbago ang tingin niya kay Lucy. In his eyes, she’s still the sweet little girl na nakilala niya sa talampas. She would always stay that way to him. At wala pa rin siyang balak na ihinto ang panunuyo niya sa dalaga. Ngayong alam na niya ang lihim nito, siguro hindi na siya nito iiwasan.

I hope.

Tumingala siya sa langit. Maaliwalas iyon at maliwanag, na parang walang kababalaghang naganap. Pumikit siya at nilanghap ang panggabing hangin.

Kinabukasan ay nagbalik siya sa mansyon. Si Altessa ulit ang humarap sa kanya.

“Hindi ka rin talaga madaling sumuko. I admire your guts, Mr. dela Vega.”

“Nakikiusap ho ako, hayaan n’yo nang makausap

ko ang inyong anak.”

“Hindi kita pinagbabawalan. Ang problema’y ayaw kang kausapin ni Lucy. At wala na akong magagawa doon.”

Tinalikuran siya nito. Nagtagis ang mga bagang niya.

“I saw her last night. Alam ko na ang lihim ninyo.”

Lumingon si Altessa at pinaningkitan siya ng mga mata.

“I don’t care kung ano pa si Lucy. I love her. I’m willing to do anything for her.”

“Are you willing to risk your life? Mapanganib ang buhay na tinatahak ng isang *venatrix*. Hindi mga ordinaryong kriminal ang hinahanap namin.”

“I know. I accept that fact. And I’m also willing to risk my life for her.”

“No!” Sabay pa silang napalingon nang biglang lumabas si Lucy. Nagtatago lang pala ito sa likod ng divider. “Kung handa kang ibuwis ang buhay mo makasama lang ako, ako hindi. Hindi ko makakayang masaktan ka, Vincent.”

“Lucy...”

“Hindi ka lang nanganganib na masaktan sa mga nilalang na iyon. Nakalimutan mo na ba ang nangyari sa cliff? Kung napalakas pa nang kaunti ang pagkakatulak ko sa iyo, you’d be dead by now.”

“It was an accident. Nagulat kita at normal na reaksiyon lang ang ipinakita mo.”

“Hindi mo naiintindihan.”

“Ang alin? Na pumapatay ka ng mga aswang? Na hindi ordinaryo ang lakas mo? Na may iba ka pang

kakayahan na wala ako o ang ibang tao? I don't care, Lucy! I. Don't. Care. How many times do I have to spell it to you?"

Sa hitsura ni Lucy ay parang gusto na nitong sugurin siya at yugyugin ang buo niyang katawan. Pero kahit gawin pa iyon sa kanya ng dalaga, hindi na magbabago ang laman ng puso niya.

"Ang akala mo ba, gusto ko ng ganitong pakiramdam? You're the most complicated woman I've ever met. Pero hindi ko mapigil. I tried, Lucy. Pero kahit ano'ng gawin kong iwas, kahit ano'ng pagpipilit kong isiksik sa isip ko na hindi kita kailangan, hindi ko pa rin kayang ikaila. Mahal kita. You've changed my life already. Hindi ko na iyon kayang ibalik sa dati. Can't you at least give us a chance?"

"Ang tigas talaga ng ulo mo!" anitong umiiyak na. Isinubsob nito ang mukha sa dalawang palad at saka humagulgol.

Nilapitan niya ito at niyakap. Nagpaubaya lang ang dalaga.

"I love you. I love you," paulit-ulit niyang bulong.

Tumagos hanggang sa kaluluwa ni Lucy ang sinseridad ng mga salita ni Vincent. Siguro nga'y walang masama kung bigyan niya ng pagkakataon ang pag-iibigan nila. She may be different but she's still human. At kahit anong pigil niya sa nararamdaman, hindi pa rin iyon mawala. She's miserable without him. Might as well take the risk, that big leap of faith.

Maiintindihan naman siya ng mommy niya.